# TALÂ NG EDITOR

**JAYSON D. PETRAS, Ph.D.**
jdpetras@up.edu.ph
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

Kasabay ng pagbubukás ng Buwan ng Wika sa taóng ito, inilabas noong 9 Agosto 2022 ng ilang Komisyoner ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang Memorandum 2022-0663 na nagpapatigil sa paglalathala at pamamahagi ng libro, partikular ang limang tinukoy na publikasyon, dahil sa diumanong pagiging subersibo ng mga ito at pagtataglay ng ideolohohiyang laban sa gobyerno. Kasunod ito ng naging akusasyon ni Lorraine Marie Badoy, tagapagsalita ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC), na inere sa programang "Laban Kasama ang Bayan" ng Sonshine Media Network International (SMNI), sa KWF at sa dalawang guro mula sa UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (UP DFPP) bilang tagapagpakalat ng "teroristang propaganda" dahil sa paglilimbag ng mga librong sinasabing may ganitong pananaw. Ang red-tagging na ito sa mga libro ay pangatlo na sa loob lamang ng anim na buwan, matapos ang insidente ng spray-painting ng mga anti-komunistang islogan sa Solidaridad at Popular bookstore noong Marso 2022, at akusasyon ng National Intelligence Coordinating Agency sa diumanong pagraradikalisa sa mga batang Pilipino laban sa pamahaalan ng mga librong pambata tungkol sa Batas Militar ng Adarna House noong Mayo 2022. Patunay ang mga pangyayaring ito ng paninikil sa panig ng mga akademiko at manunulat na patuloy na makisangkot sa mga pangyayaring panlipunan sa pamamagitan ng saliksik at malikhaing pagsulat.

Sa ganang ito, malinaw na maituturing na "anyo ng pagpiglas" ang paglalathala at paglikha. Ito ang tinutungtungang prinsipyo ng Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman (SWF-UPD) sa tunguhin nitong bumuo ng mga publikasyon – journal at libro – sa anyong print at online.

Malaon nang pinatunayan ng SWF-UPD ang "pagpiglas" nito para sa intelektuwalisadong wikang Filipino. Pinagtagumpayan nito ang pag-aambag ng mga kaalaman sa iba't ibang disiplina na nauunawaan at napakikinabangan ng nakararami. Sa katunayan, itinatampok sa bagong isyu ng *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino* ang mga pag-aaral mula sa disiplina ng Panitikan, Pagpapaunlad ng Pamayanan, Kasaysayan, Edukasyon, at Agham.

Sa kasalukuyang sitwasyon, hindi natitinag ang "pagpiglas" ng mga pananaliksik at malikhaing produksiyon ng SWF-UPD, hindi lamang upang kilalanin at pahalagahan ang kaalaman at danas sa wikang Filipino, kundi kasabay nito, upang bigyang-suri at isiwalat ang katotohanan sa lipunan sa kabila ng banta ng red-tagging at politikal na pandarahas at ng pinamamayaning huwad na kaayusan at

pagkakaisa. Kaugnay nito, ilalabas sa taóng ito ang batayang sangguniang *PS 21: Wika, Panitikan, at Kultura sa Ilalim ng Batas Militar* na pinamatnugutan nina Dr. Nancy A. Kimuell-Gabriel at dating direktor ng SWF-UPD Dr. Mykel Andrada. Ilalathala ito sa ilalim ng proyektong Aklatang Bayan Online at kung gayon, libreng mada-download sa website ng SWF-UPD na https://sentrofilipino.upd.edu.ph.

Sa kabuoan, pinatutunayan na kadikit ng pagtataguyod sa wikang Filipino para sa akademya ang adbokasiyang palagiang isulong ang kapakanan ng bayan. Ang pagtutulay ng kaalaman at karanasan sa wikang pambansa ay paraan ng pakikiugnay sa sambayanan – sa kanilang danas, hinaing, at pangarap. Kaya naman, sa mapanghamong panahon ng panggigipit, mas malakas ang panawagang patuloy na manaliksik, lumikha, at maninidigan sa karapatan, katotohanan, at katarungang panlipunan.